

BUMABANGON ANG KOMUNIDAD NG UNIBERSIDAD NG PILIPINAS!

WAKASAN ANG KARAHASAN LABAN SA KABABAIHAN!

ONE BILLION RISING – UP COMMUNITY

February 6, 2013

Ilulunsad ang One Billion Rising – UP Community sa Pebrero 14, 2013 sa Quezon Hall, UP Diliman sa ganap na ika-4 ng hapon. Matapos ang programa at pagsasayaw sa UP Diliman ay tutungo tayo sa One Billion Rising Philippines sa Tomas Moratos St., sa ganap na 6 ng hapon, sa pangunguna ng Opisina ni Bise-Alkalde ng Lungsod ng Quezon Joy Belmonte, ng GABRIELA at ng New Voice Company. Nananawagan kami sa buong komunidad ng UP upang makiisa at irehistro ang ating kolektibong tindig laban sa lahat ng porma ng karahasan laban sa kababaihan. Tara na at bumangon, bumigwas at sumayaw sa Pebrero 14!

Isa sa bawat tatlong babae sa mundo ang gagahasain o darhasin. Isang bilyong babae: napakaraming bilang na pagsasamantalahan. Ang One Billion Rising (OBR) ay isang global na kampanya; isang paanyaya sa kababaihan at kalalakihan na wakasan ang karahasan laban sa kakabaihan. Sa pamamagitan ng sayaw, itinatampok ng OBR ang pangangailangan para sa global na pagkakaisa upang wakasan ang karahasan laban sa kababaihan (<http://onebillionrising.org/>).

Kaming mga miyembro ng komunidad ng Unibersidad ng Pilipinas sa Diliman – mga mag-aaral, guro, REPS, kawani, kontraktwal na manggagawa, manggagawa sa hotel, manininda, at iba pa – ay nagbibigkis bilang suporta sa panawagan ng One Billion Rising na wakasan ang karahasan laban sa kababaihan. Kami'y babangon, bibigwas at sasayaw upang wakasan ang karahasan laban sa kababaihan. Kami ang One Billion Rising- UP Community.

Ayon sa “Implementing Rules and Regulations of the Anti-Sexual Harassment Act of 1995,” pinagtibay ng Unibersidad ng Pilipinas ang “panata nitong magtaguyod para sa mga mag-aaral, kaguruan at empleyado ng isang ligtas at maayos na paligid para sa pag-aaral at pagtatrabaho; malaya mula sa sekswal na panliligalig (sexual harassment) at lahat ng porma ng sekswal na pananakot at pagsasamantala”. Kung gayon, malinaw na hindi nais at hindi pahihintulutan ng aming Unibersidad ang anumang porma ng pandarahas na nakabatay sa kasarian.

Ngunit lagpas sa palisiya at deklarasyong ito ng aming Unibersidad ay ang malagim na katotohanan na nakararanas ng karahasan ang kababaihan sa lipunan. Hindi hiwalay rito ang Unibersidad ng Pilipinas. Ang mag-aaral ng UP Los Banos (UPLB) na si Maria Victoria Reyes ay ninakawan at pinaslang sa loob ng kaniyang bahay sa Los Banos noong Nobyembre 19, 2012. Si Lordei Hina, mag-aaral ng UP Diliman, ay ninakawan at sinaksak noong Pebrero 1, 2012 sa Vinzons Hall. Ginahasa at pinaslang ang UPLB student na si Given Grace Cebanico noong Oktubre 11, 2011. Dinukot noong Hunyo 26, 2006, at magpahanggang ngayon ay nawawala pa rin, ang mga aktibistang mag-aaral ng UP Diliman na sina Karen Empeno at Sherlyn Cadapan. Isinalaysay ng nakatakas na kasamahan nina Karen at Sherlyn kung paanong sekswal na inabuso at minaltrato ang dalawang estudyante habang nasa kustodiya ng militar. Inaresto noong Hunyo 3, 2010 ang mag-aaral ng UP Diliman College of Mass Communication na si Maricon Montajes at dumanas ng mental na tortyur at interrogasyon. Magpahanggang ngayon ay bilanggong pulitikal si Maricon. Patuloy pa ring nagaganap ang diskriminasyon, panliligalig at pandarahas sa mga LGBT sa loob at labas ng kampus.

Sa pambansang antas, lumabas sa 2008 National Demographic and Health Survey na “isa sa bawat limang babaeng may edad 15-49 ay nakaranas ng pisikal na karahasan simula edad 15; 14.4 porsiyento ng mga babaeng may-asawa ay nakaranas ng pisikal na pang-aabuso mula sa kanilang mga asawa; at higit sa isang-katlo (37%) ng babaeng hiwalay sa asawa o balo ay nakaranas ng pisikal na karahasan, na tila nagpapahiwatig na ang karahasan sa loob ng tahanan ay ang maaring rason ng paghihiwalay o pagpapawalang-bisa ng kasal”. (<http://pcw.gov.ph/statistics/201210/statistics-violence-against-filipino-women>). Iniulat ng Center for Women’s Resources, isang institusyon ng pananaliksik at pagsasanay para sa kababaihan, na sa loob ng isang dekada (2001-2010), ang “trend” ng karahasan laban sa kababaihan ay “bawat oras, isang ina o ang kaniyang anak ay binubugbog. Kada

dalawang oras, isang babae o bata ay ginagahasa. Kada limang oras, isang babae o bata ay pinagsasamantalahan” (<http://cwrawe.wordpress.com/2012/11/25/increasing-violence-against-women-and-children-as-mirror-of-our-society-cwr/>).

Hindi kabilang sa mga datos na ito ang hindi naiuulat na maraming kaso ng sekswal na panliligalig, sekswal na pang-aabuso at karahasan sa loob ng tahanan at ang karahasang naranasan ng mga migranteng manggawang Filipina sa labas ng bansa. Hindi rin nakakasama sa mga ulat ang diskriminasyon, panliligalig at pang-aabuso sa mga lesbians, bisexual at transsexual na kababaihan.

Paninisi sa biktima, pananakot ng mga “perpetrators”, kawalan ng suporta mula sa pamilya at komunidad ay ang ilan sa mga salik na humahadlang sa mga kababaihang biktima upang lumabas at humanap ng hustisya. Sa isang banda, kabilang sa mga dahilan ng pandarahas ng kalalakihan ay (1) ang internalisasyon ng patriarkal na mga paniniwala tulad ng karapatan ng lalaki na mandahas at manggahasa ng babae, (2) ang kawalang kaalaman na ang karapatan ng kababaihan ay karapatang pantao, at (3) ang kultura ng hindi-pagpapanagot (culture of impunity) na nagpapahintulot sa mga may-sala na makatakas o hindi maparusahan.

Ayon sa GABRIELA, alyansa ng mga Filipina, ang mayor na mga sanhi ng lumalalang mga kaso ng karahasan laban sa kababaihan sa Pilipinas ay ang (1) kahirapan, (2) ang kultura ng hindi-pagpapanagot, at (3) ang kabiguan ng gobyerno at ng mga ligal na institusyon nito na bigyang-hustisya ang mga biktima ng karahasan. (<http://bulatlat.com/main/2012/11/09/rape-cases-of-violence-against-women-on-the-rise-%E2%80%93-gabriela/>). Ang karahasan sa kababaihan, kung gayon, ay talamak sa ekonomiyang may malawakang pagdarahop, sa politikal na klima ng hindi-pagpapanagot, at sa dominanteng kultura ng patriarkiya.

Babangon, bibigwas at sasayaw kami upang wakasan ang karahasan laban sa kababaihan. Babangon, bibigwas at sasayaw kami upang wakasan ang pang-ekonomiya, pampulitika at pangkulturang mga kondisyon na nagluluwal ng ganitong karahasan.

Kami ang One Billion Rising – UP Community!

CONVENORS:

UP Diliman Gender Office (UPDGO)
Department of Women and Development Studies, CSWCD
All-UP Women Solidarity
GABRIELA-Youth

PANIMULANG PUMIRMA:

All-UP Workers Union
All-UP Academic Employees Union
Catholic for Reproductive Health Bill (C4RH)
College of Social Work and Community Development
College of Social Work and Community Development Student Council (CSWCD-SC)
Congress of Teachers/Educators for Nationalism and Democracy (CONTEND)
Diliman Learning and Resource Center
DZUP
Gender Committee, University Student Council (USC)
Human Resource and Development Office (HRDO-UPD)
Office of Anti Sexual Harassment (OASH) - UPD
Office of Counseling and Guidance -UPD
Office of Student Housing-UPD
Office of the Vice Chancellor for Community Affairs (OVCCA-UPD)
Office of the Vice Chancellor for Student Affairs (OVCSA-UPD)
Philippine Collegian
Saligan sa CSSP
Samahan ng mga Manininda sa UP
Sinagbayan
Student Alliance for the Advancement of Democratic Rights in UP (STAND-UP)
University Hotel Workers Union
UP Center for Women’s Studies (UCWS)